# “Byahe”

***Edcel John Madeja-Mazo***

Tuwing nasa byahe ako pauwi galing sa aking trabaho ‘di ko maiwasang obserbahan ang mga kasabay kong pasahero sa dyip. May bata, matanda at halos lahat ay pagod. Kita sa kanilang pagpikit, pagyuko, o pagsandal ang pagod. Iba iba ang pinanggalingan pati na rin ang pupuntahan. Sa ilang oras na walang imik sa byahe pare-parehas kaya kami ng mga iniisip o ano kayang tumatakbo sa kanilang isip? Nabaling ang tuon  ko sa limang sumakay na  mag-aaral sa sinasakyan kong dyip. Napansin kong nagbayad ang isa sa kanila, at ang iba ay hindi hanggang sa makababa na lang sila. Sinagawan sila ng drayber ngunit nagtakbuhan na sila. Nakita kong napakamot sa ulo at napamura na lang ang drayber sa sobrang inis. Pinagmasdan ko siya at kita sa kulay ng kan’yang buhok na s’ya ay may katandaan na. Malapit lamang ako sa kan’ya kaya rinig na rinig ko ang mga reklamo n’ya.

“Piso nga mahalaga na sa’kin, 'yon pa kayang bayad sa onse pesos ng apat na pasahero. May iba pa sanang pwedeng makasakay, iyong mga responsableng pasahero. Kung minamalas ka nga naman. Naturingang nag-aaral, hindi ba sila tinuturuan ng kanilang mga gurong makipag kapwa tao?” Garalgal na saad nito.

Naawa ako sa kanya nang marinig ko ang kan’yang tinuran dahil pagod at pawis ang kan’yang puhunan sa trabahong ito. Imbes na magkalaman ang kan’yang bulsa ay nadagdagan pa ang sakit ng kan’yang damdamin sa mga walang awang palaging nag 1,2,3. Pero mas nasaktan ako noong narinig ko ang huli niyang sinabi hinggil sa mga guro. Isa akong guro sa pampublikong paaralan. Hindi lamang tungkol sa akademiko ang itinuturo ko sa aking mag-aaral kun’di mga aral din sa buhay na maari nilang maisabuhay. Hindi naman kasalanan ng guro kung may ganoong mag-aaral dahil hindi namin kontrolado ang utak ng mga ito. Bawat tao ay mayroon ‘free will’ at nasa kanila kung gagamitin nila ito aa mabuti o masama kahit. Sila ang tatangap ng karma sa kanilang

ginagawa sa kapwa. Kung anong sabihin ng ibang tao, kung ano pa rin ang gusto nila ‘yon ang gagawin nila. Hindi na lang ako umimik sa sinabi ng drayber dahil alam kong pagod na rin s’ya at ganoon din ako.

Naalis ang tingin ko sa drayber nang may sumakay muli, nagbayad s'ya at pagbilang ng drayber ay kulang ito ng piso. Binalik nya ito sa ale at sinabing bumaba na lang.

“ Sa buong araw kong   byahe ay palaging may kulang ang bayad.  Masyado ng namimihasa ang mga pasahero. Tila ba Hindi naaawa sa matandang tulad ko na naghahanapbuhay pa rin hanggang ngayon.” Napabuntong hiningang saad ng drayber.

Siguro ay dala pa rin ito ng sobrang pagka galit n'ya kanina. Inabutan ko ng limang piso ang ale upang hindi na s’ya bumaba. Nagpasalamat s’ya sa akin at kita ko sa kan’yang mata ang pag ngiti kahit naka mask ito.

Malayo pa naman ang destinasyon ko kung kaya’y pumikit mo na ako at aking naalala ang nakaraan noong ako ay bata pa.

“Hoy Lucas palagi na lang kulang ng piso ‘yang binabayad mo!” galit na saad ni aling Tess sa akin. “Piso lang naman” sagot ko sabay takbo pauwi sa aming bahay. Simula ng engkwentrong iyon hindi na ako pinabili ni aling Tess sa kan’yang tindahan palagi ko rin s’yang sinasabihan ng “parang piso lang”.

Ganoon din sa aming tahanan na kapag inutusan ako ni inay ay bilang na bilang nya ang kan’yang sukli. Magkulang man ito ng maski piso ay hampas ng walis tingting ang aabutin ko at kapag narinig n’yang sabihin ko ang “piso lang naman” ay kurot sa sintido ang abot ko.

Syempre hindi ko malilimutan noong nagpagupit ako kay Manong Boy eh kulang lang ako ng piso inukaan n’ya ang buhok ko. Sabay sabing “tutubo pa naman yan”. Inis na inis ako dahil mukha akong panot.

Natigil ako sa pag gunita  ng maisip kong kaya pala ganoon na lang ang galit nila dahil kapag inipon lahat ng pisong kulang sa kanila ay malaki ito. Noong bata ako mahalaga na ang piso,

paano pa kaya ngayong panahon ng pandemya. Hindi ko rin masisisi si manong drayber kung bakit ganoon na lang ang pagiging istrikto n'ya. May mga aral pala talaga tayong makukuha noong bata pa tayo ngunit matutuhan na'tin kapag matanda na tayo. Napagtanto ko ring hindi ko makikita ang halaga ng piso kung hindi ko kakailanganin ito. Sa hirap ng buhay kailangan talaga ng malawak na pang-unawa. Walang maliit na bagay para sa taong nagpupursigi at nagsisikap. Maliit man ang piso para sa iba ngunit sa taong mapagpahalaga malaki ito kapag pinagsasama-sama.

Pumara na ako dahil ito na ang destinasyon ko, sa loob ng ilang oras kong byahe marami akong natutuhan. Ika nga nila ang mahusay nating guro ay ang ating mga karanasan. Pumasok ako sa bahay at sinalubong ako ng aking asawa. Kumain, naglinis ng sarili at magpapahinga na sana ako ngunit lumapit sa akin ang aking Unica ija upang ipakita ang kwaderno nyang maraming star. Natuwa ako dahil akala ko tulog na sya sa kan'yang silid, nagkwentuhan muna kami tungkol sa natutuhan nya ngayong araw. Nagulat ako nang

tanungin nya ako ng “ikaw papa anong natutuhan mo ngayon”. Sinagot ko ito ng “Natutuhan kong maging mapagpahalaga. Hindi mo mapahahalagahan ang malalaking bagay, kung ang maliit na bagay ay walang halaga sa iyo. Halika na Matulog na tayo. Katulad mo rin ako noon, paglaki mo lubusan mo ring mauunawaan ang mga tinuran ka sa'yo."